

Prologue



New Year's Eve, 2004
"Chloe!" excited na sigaw ng limang kabarkada.

"Mabuti at pinayagan ka ng parents mo," ani Jenny.

Napaismid si Chloe, at inayos ang suot na Venetian mask na puno ng red sequins. "Hello? Mamartsa na kaya ako sa Marso, 'no! Malaki na ang anak nina Mama't Papa!" nakangiti nang sabi niya. Iginuyod na siya papasok sa club ng mga kabarkada.

Masquerade ball ang theme ng New Year's celebration sa bar na iyon na usual nilang tambayan. Nagkasundo silang lahat na a-attend, huling taon na kasi nila sa kolehiyo ngayon. It was also Jenny's birthday.

Nangako na lang sila sa kani-kanilang pamilya na uuwi kaagad.

It was a high-end bar, at nasa rooftop ang karamihan. Ilang minuto na lang at matutunghayan na nila ang hinihintay na pyrodisplay ng kalapit na *Eastwood Mall*.

Iniabot ni Whitney—na ang totoo'y *William*—sa

kanya ang isang kopita ng white wine. “Drink that, no excuses, mga hija, binayaran na ni Jenny ’yan! Di ba?”

Tumango-tango si Jenny, at itinuro sa kanila ang malaking lamesa sa dulo na puno ng desserts at kung anu-anong appetizers at drinks. Jenny’s father owned one of the biggest shopping companies in the country. Matapos lantakan ang ilang desserts ay hinila na siya ng tatlo pang kaibigan na sina Raffy, Flor at Mayan sa gitna ng mga nagsasayawang tao.

Magkasintahan sina Raffy at Flor, parehong doktor ang mga magulang ng dalawa. Si Mayan ang pinakamalapit sa kanya. Bukod sa pareho sila ng kursong Business Management ay pareho silang kabilang sa middle class.

Self-employed architect ang ama ni Chloe, master teacher naman sa isang public high school ang ina niya. Dalawa lamang silang magkapatid. Limang taon ang tanda ng ate niya sa kanya. Nakaya siyang pag-aralin ng mga magulang sa isang pamoso at pribadong unibersidad.

Malawak ang dance floor ngunit siksikan sa rami ng tao. Malakas ang saliw ng disco music at naglilibang ang lahat.

“Ipakita mo nga ’yung crazy dance moves mo, Chloe!” tukso ni Mayan.

Nagtawanan ang tatlo nang gawin nga niya

ang baliw-baliwan dance moves niya. Sumunod na nagpakitang-gilas si Mayan na nag-iisang miyembro ng dance group sa kanilang anim. Nagpalakpakan silang tatlo. Lumapit na sa kanila sina Whitney at Jenny.

Itinuro ni Jenny ang relong pambisig. “Malapit na ang birthday ko!” tili nito.

Isang minuto na ang dumaan, nagsimulang magputukan sa himpapawid ang makukulay na fireworks, nagtilian ang mga nasa club, may ibang umihip ng dala-dalang torotot. “Ten, nine, eight...!”

Masayang nakisali si Chloe sa countdown, halos mabigti ang lalamunan niya sa lakas ng pagsigaw.

“Seven, six, five...!”

Hindi pansin ni Chloe ang isang grupong katabi nila. May isang guwapong lalaking ichini-cheer ang mga naroon, at habang nagka-countdown ay tinutulak ng mga ito ang binata.

“Kiss! Kiss! Give us a kiss!” sigaw ng may sampung katao na nasa beinte-tres hanggang beinte-cinco ang edad. Napaatras ang lalaking kanina pa itinutulak pauna, tinungga nito ang isang kopitang puno ng red wine.

“Four, three, two...!”

Lumundag-lundag sina Mayan at Jenny, animo’y naestatwa naman si Chloe sa ganda ng fireworks na nakikita. Isang malamig na ihip ng hangin ang

dumampi sa mga pisngi niya.

“...one!” Ini-ready ni Chloe ang vocal cords at nakisigaw ng, “Happy New—”

Naputol iyon nang may lalaking nagkulong sa mukha niya sa dalawang palad nito at walang paalam na nanghalik sa kanya!

Nanlaki ang mga mata niya, nakita niya ang paglaki rin ng pares ng mata ng mga kaibigan, at narinig niya ang masigabong sigawan ng lahat. Daig pa niya ang tubig na naging bloke ng yelo.

May tatlong segundo rin yatang naramdaman niya ang pagdantay ng mga labi ng estranghero bago niya naisipang suminghap. And that was after she'd concluded he smelled so manly, so nice, so unique. May napukaw na sensasyon sa pagkatao ng dalaga, at sa huling segundong magkalapat ang mga labi nila, bago pa man siya makahinga, nailayo na ng walanghiyang estranghero ang mukha nito!

He was wearing a plain black Venetian mask. He looked at her briefly, at ngumiti ang mga mata nito. His eyes were deep and dark. Hindi maaninag ni Chloe ang mukha nito, malamlam ang ilaw; pero napakaganda ng mga matang iyon, tila sinasabi sa mga mata niyang wala itong pagsisisi sa kapangahasang ginawa. Tigagal pa rin siya, di makakilos ni makaimik. Nakita niyang may kinuha ito sa bulsa.

Then he leaned toward her and whispered something in her ear...



Chapter One



Eight years later...

“The devil is coming, the devil is coming...” paulit-ulit na litanya ng katabing Human Resource Officer ni Chloe na si Mrs. Bebeth. Payat ito at nakasalamin. Kabilang ito sa panel na nag-interview sa kanya noong unang nag-apply siya sa kompanyang ito.

Nagtayuan tuloy ang balahibo niya, napahalukipki siya at ipinitik-pitik ang mga daliri. This would be the third construction company na papasukan niya bilang executive secretary. The first one was *Garcia Construction & Roofing*. Two years siya roon. Ang ikalawa ay ang *Leon Contractors*. Doon niya ginugol ang nakaraang apat na taon. Sa malas, hindi napigilan ang pagsasara ng huling kompanya.

Tuluyang natambad sa paningin ni Chloe ang lalaking matikas sa suot na business suit. Tinanggal nito ang *Ray-Ban* sunglasses, at muntik na siyang mabuwal sa guwapo nito. Parang Pinoy version ng Hollywood actor na super crush niya. Gusto niyang tuktukan ang sarili para palisin ang naiisip.

May treinta na siguro ang edad ng lalaki, hindi

ito kaputian. Slightly tanned ang complexion nito. Tingin niya hanggang balikat lamang siya ng lalaki kung itatabi siya rito. His short, dark hair was slightly tousled and his coal-black eyes were currently focused on her. He seemed... aloof.

Ang napakaguwapong lalaki bang ito ang tinutukoy ni Mrs. Bebeth na demonyo?

Tumayo ang HR Officer at ganoon din ang ginawa ni Chloe.

“Sir Nathan, ito ang bagong secretary n’yo.” Malaking ngiti ang isinabay roon ng babaeng kanina’y nakasimangot. “She has good credentials, sinigurado naming we got the best for you, Sir,” ani Mrs. Bebeth.

“Good morning po. I’m Chloe Dizon, Sir,” nakangiting saad niya at napayuko. Galing marahil sa parking ang lalaki, at kararating lang ng opisina. Nasa lobby sila ng private office nito.

The guy just grunted. “I do hope she’s the best, Bebeth, pagod na ako sa tatanga-tanga at parang lintang mga sekretarya.” Walang kangiti-ngiti sa mga labi at mga mata nito. “Well, are you just going to display yourselves outside my office?” may pagkainip nitong sita.

Napataas ng mukha si Chloe. She felt her heart jump a little. Kinakabahan siya, totoo nga siguro ang litanya ng babae kanina.

“Ah, o-oho, aalis na po ako,” tarantang yukod ni Bebeth. Pinisil nito ang palad ni Chloe at tumalikod na.

Binuksan na ng lalaking tinawag na Sir Nathan ang glass door ng main office nito at naupo sa swivel chair na nasa likod ng executive desk.

May pag-aalinlangan si Chloe sa ikikilos. Ang totoo ay walang nag-turnover sa kanya ng posisyon dahil biglaan daw ‘pinaalis’ ang pinalitan niyang sekretarya.

Kinuha ng lalaki ang isang fountain pen at iniitsa iyon sa hangin. “May tatlong segundo ka nang sinasayang, Miss Dizon. Where are the documents that I need?”

“Documents po?” balik-tanong niya, nakatayo pa rin sa malapit sa pintuan. “Alin hong documents?”

“The contracts that I, your boss, need to sign. Nasaan na? Then ‘yung schedule ko, naayos mo na ba? Kumusta ‘yung project sa Cebu? Tumawag na ba ‘yung chief engineer na assigned d’un?”

Isinara muna ni Chloe ang napamaang na bibig bago, “Sir, nobody has oriented me yet. This is my first day here. Since you fired your last secretary, the job of training me falls on your shoulders.”

“Seriously?” Natigil ang pag-iitsa nito ng fountain pen. Inis na napatayo ang lalaki at lumapit

sa kanya. “I’m gonna be wasting my time orienting a secretary who’s only gonna be fired later? Bebeth will be fired, kaunti na lang talaga!” Napailing si Nathan.

Napakunot-noo si Chloe. *Tama ba ang intindi ko? I’m just gonna be fired later?*

Sana lang ay hindi ganoon ang kaso.

May recession na nangyayari sa buong mundo, hindi siya madaling makakuha ng trabahong talagang gusto niya, anumang oras na gusto niya.

Nasa hospital ang daddy niya ngayon at kailangan nila ng sapat na pera para sa medical bills nito.

Sa madaling salita: she badly needed this damned job!

Iginiya siya ng bagong boss papunta sa lamesita sa may kanlurang bahagi ng maespasyong silid. Modern minimalist ang interior ng opisina. Mula sa puwesto ni Chloe, kitang-kita niya ang malaking salamin at ang view ng siyudad sa likod ng swivel chair ng amo.

Itinuro muna ni Nathan ang isang coffeemaker na nakapatong sa isang desk bago nagsalita. “Ayoko sa lahat ’yung nale-late. Kahit ano pa ang idahilan mo, kesyo na-traffic ka, hindi ko na problema ’yun. I need a cup of coffee—with cream, no sugar—on my desk, on time.”

Tumango-tango siya, hinalukay ang maliit na tickler sa shoulder bag at ballpen. Baka kasi napakarami ng habilin ng amo, at hindi na niya matandaan lahat.

“This would be your station. You’ll find the filing cabinets in the library, they’re locked. Nasa desk mo ang mga susi at ikaw din ang mag-iingat ng mga iyon.” Itinuro nito ang tatlong telepono sa desk niya. “The black phone is our trunkline. The cordless phone is my direct line. Diyan ako tatawag sa ’yo, o ang mga taong pinagbigyan ko ng number na ’yan. Iyong intercom ginagamit ko lang pag nasa conference room ako.

“I trust you know how to screen calls—and visitors. The last secretary they burdened me with allowed a bunch of rowdy college girls in here, and the poor suckers were demanding my autograph. Never make that mistake.

“Siyanga pala, baka akalain mong hindi na kita pakakainin. Isang oras ang lunch break, at may fifteen-minute break sa umaga at sa hapon.”

“Thank you, Sir,” nakangiting baling niya rito.

“Miss Dizon, right?” tanong nito, pinag-ekis ang dalawang braso sa dibdib. Tumango si Chloe. “Please act accordingly,” matalim nitong saad.

“Yes, Sir,” mas pormal niyang sagot, nakatungo.

“I have one important rule: Don’t fall in love

with me.”

Napaangat ang mukha ni Chloe. Nawindang yata siya sandali sa huling sinabi nito.

Isinulat niya ang narinig sa tickler niya. In capital letters. *Ano raw? As if!*

Sa nakita niyang ugali nito, imposible nang mangyari iyon, ano!

Inilapit ng kaharap ang mukha sa kanya.

“Understood?”

“O-opo,” pagak niyang sambit. “Understood po, mas maliwanag pa sa crystal clear na tubig!” dagdag niya, na nagpakunot-noo sa kaharap.

Mayamaya, may iniutos itong ipa-photocopy niya. Dahil walang nag-tour sa kanya sa kompanya, kung saan-saan muna siya nakapunta bago nakahanap ng maayos na photocopying machine. Kinailangan pa niyang maki-photocopy sa ibang department.

“First time mo bang magpa-photocopy, Miss Dizon?” matalim na tanong ng amo nang iabot na niya rito ang mga papeles.

“Kasi po si-sira ’yung—” Itinuro niya ang nasa labas, “...machine.”

“I don’t care. Kung kailangan mong mag-aral kung paano magkumpuni niyan...” Bahagya nitong ipinaling ang ulo, “...para mapabilis ka, gawin mo. Kung gusto mong tumagal sa akin. Understood?”



Habang nagtatawanan ang mga kaibigan, nakangising nakatuon ang tingin ni Chloe sa mga ilaw na nakasabit sa ceiling ng buffet restaurant. Christmas lights. Wala sa sariling hinaplos-haplos niya ang buhok.

“Huuyy! Huy!” Tinapik siya ni Mayan. Dance choreographer na ito at paminsan-minsan ay may raket sa pag-choreo ng dance moves sa ilang local music videos. “Magkuwento ka naman! Ano ba, ang tahimik mo diyan, kamusta na ’yung new work mo sa *Rivera*? Di ba malaki ’yun? Matindi ba ang pressure?”

“Sino ’yung boss mo? The senior or the junior? Nakita ko minsan sa magazine ’yung pamilya nila, guwapo iyong tatay, pero mas handsome iyong anak!” ani Whitney.

“Nakita ko rin ’yun, magandang lalaki nga iyong younger,” sang-ayon ni Jenny. Sinamaan ito ng tingin ng boyfriend na si Raffy.

“Yung anak ang boss ko, si Nathan,” ngiwi ni Chloe. “Siya na ang CEO three years ago pa. Simula n’ung maaksidente at mamatay ang ama niya,” maingat niyang lahad. Galing kay Bebeth ang impormasyong iyon.

Sa loob ng walong taon, marami rin ang nabago sa samahan nilang magkakabarkada. Naging

magkasintahan sina Raffy at Jenny. Hindi nila inaasahan iyon. Si Jenny kasi ang kabaligtaran ni Flor na dating kasintahan ni Raffy. Flor was reserved and conservative, maluho at sopistikada naman si Jenny—iyong tipong hindi gusto ni Raffy.

“Sobrang guwapo nga, saksakan naman ng ewan, may tatlong linggo na akong nasa impiyerno, sus! Kung hindi ko lang talaga kailangang kumayod, at kung di lang malaki ang suweldo—”

“May girlfriend ba, Hija? Akitin mo ’yan para happy!” biro pa ni Whitney. Fashion designer na ito.

“Kanina ka pa, Whitney, kung alam mo lang kung ano’ng naabutan ko sa opisina niya matapos kong mag-break—” Yes, alam niyang hindi niya dapat itsinitsismis ang boss niya, pero baka sa ganitong paraan ay mawawala ang stress niya rito at mas makakatagal siya sa trabaho. Saka wala naman sa ‘unbreakable rules’ ni Nathan ang bawal magkuwento ng tungkol dito, di ba?

Napatigil siya sandali bago tiningnan kung interesado pa rin sa sasabihin niya ang mga kaharap. At mukhang naghihintay pa rin ang mga ito.

“Kilala n’yo ’yung bagong model ng *Paradise* shampoo commercial?” Napapiyok ang boses niya.



Kamuntik nang mahulog ang dalang shake na

in-order ni Chloe sa canteen. Kani-kanina lamang ay kachika niya si Bebeth na provider niya ng juicy chika ukol sa boss niya. Akalain mo nga, totoo palang nai-in love nga kay Nathan ang karamihan sa mga naging sekretarya nito? Ang tanging tumagal lamang daw na sekretarya rito ay iyong cincuenta años na ginang. Iyon nga lang, nag-resign daw dahil kinuha ng anak nitong nasa Amerika.

Lahat daw halos ng babaeng naha-hire sa kompanya ay nahuhumaling kay Nathan. Iyong isa pa nga raw na may asawa na ay nagbalak pang hiwalayan ang asawa nito. They tried hiring a guy last month, ngunit nadiskubreng bakla pala, kaya ayaw na ni Nathan na mag-hire ng lalaki bilang EA nito, ayaw rin nito sa may asawa.

In fairness, may nakarelasyon naman daw itong sekretarya noon. Nauwi pa umano sa engagement ang relasyon, ngunit nalaman nitong pera lamang pala talaga ang habol ng babae.

Ang habilin ni Bebeth sa kanya: masanay na si Chloe sa pagsulpot ng kung sinu-sinong magagandang babae sa office ni Nathan. At ang isa pang mas importanteng tip, magbulag-bulagan daw siya sa lahat ng nakikita!

Nasapo niya ang mata at napapikit. Kung hindi siya nagkakamali, may nakita siyang naglalamponan sa maliit na sofa na nasa

nakatagong kaliwang dulo ng opisina. Nagpakawala ng maliit na tawa ang babaeng nakatalikod at nakakandong sa lalaking walang iba kundi ang boss niya!

Nang tumayo ang babae at humarap sa kanya, inayos nito ang medyo nalilis nitong mini-skirt at isinara ang pang-itaas na butones ng blouse, medyo napangiwi ito.

Parang nakita na ni Chloe ang babaeng ito...

Ah, modelo ng Paradise shampoo na ginagamit niya! Sinuri niya ang medyo buhaghag nitong buhok.

“You’re early, wala pang isang oras,” sita ni Nathan, tumikhim habang inaayos ang polo shirt at necktie, klarong-klaro ang inis sa mukha nito sa pagkaantala ng sarili nitong bersyon ng ‘lunch break’.

“It’s okay, Sweetie...” nakangiting sabi ng babae at may ibinulong sa lalaki. Nakita ni Chloe ang pilyong pagngiti ng hindi lang masungit kundi babaero rin pala niyang ‘Sir’. “I presume this is your newly-hired secretary?” May amusement sa mga mata ni ‘Paradise’ nang suyurin siya ng tingin, mala-head to foot.

“I’m Nath’s friend, nice to meet you,” ngiti nito. Nang tuluyan nang umalis si Paradise, napansin niyang hindi nagba-bounce ang buhok nito na katulad ng sa commercial.

Friend lang siya? Weh?

“What? Ngayon ka lang ba nakakita ng gan’un? Gusto mo bang maging vase? Kanina ka pa nakatunganga diyan, Miss Dizon,” matalim na puna ni Nathan.

Aligaga siyang napatakbo sa desk niya.



“Nakita ko na siya sa isang fashion show. Si Cara Maximo ba ’yan, Hija?” suri ni Whitney.

“Siya nga. Ka-fling pala ng boss ko ’yun! At, nadiskubre kong mas maganda pa ang buhok ko sa kanya!” anunsyo ni Chloe, na nagpatawa sa mga kabarkada.

She might appear happy and bubbly, ngunit sa pagdaan ng panahon, may kalungkutan siyang nakakapa sa puso...

Six years ago, namatay ang mama niya. Nasa labas sila ng bahay noon, nanonood sa fireworks ng kapit-bahay nang tamaan ang ina ng ligaw na bala. Derecho sa бага ang bala, at hindi na ito umabot nang buhay sa ospital. May ilang buwan pa bago nadiskubre at naipakulong ang pulis na nakatira lamang pala sa kalapit na barangay nila. Simula noon, naging matamlay na ang bahay nila. Bawat New Year’s Eve na dumarating ay nagsisilbing malungkot na paalala ng kamatayan ng kanyang ina.

Naisip niya kung ano ba ang posibleng mayroon sa New Year's Eve at kung anu-anong mga highlights sa buhay niya ang pumapatak doon.

Tulad na lang ng estrangherong iyon. Magkikita pa kaya sila?

Ipinilig ni Chloe ang ulo. Baliw ba siya?

Ang mga normal at nakakapit sa realidad na mga tao, hindi iniaasa sa 'tadhana' ang takbo ng buhay, gumagawa sila ng sarili nilang realidad. Ganoon din dapat ang gawin niya.

Kung gusto niya ako, o kung pumasok man lang o nanatili ako sa utak ng estrangherong iyon, hindi ba't dapat ay hinanap niya 'ko? Pero iniasa nito sa mga bituin ang kuwento nila.

Sa mga bituin.



Chapter Two



Sinilip ni Chloe mula sa desk niya ang reaksyon ni Nathan nang maupo ito sa swivel chair, memoryado na niya ang routine nito. Una, uupo ito sa swivel chair, ilalagay ang bag sa gilid, ipapahid ang isang hintuturo sa lamesa nito at gagawa ng isang stroke, susuriin kung may alikabok na nakuha ang hintuturo; kung mayroon, tatawagin siya. Papalinisan iyong muli sa janitor. Sunod, iiitsa nito ang fountain pen sa hangin at sasaluhin, sa hindi niya maintindihang dahilan. Pagkatapos ay liligon ito sa kanlurang bahagi ng lamesa at dapat sa eksaktong anggulo ng mga mata nito mababanaag ang isang foam cup na may hot coffee, with cream, no sugar.

Kapag tinawag na nito ang apelyido niya, saka lamang siya pipihit at ngingiti at maggoodmorning dito.

Tatayo siya at ire-recite dito ang schedule nito sa buong araw, kung anong oras ang mga meetings at kung saan. Ipapaalala niya sa amo ang nakalimutan nitong pirmahan, mga bagong projects o di kaya'y mga presentations na dapat gawin. Ipapakita ang mga blueprints at budget. Magko-

comment ito, sasabihin sa kanya kung ano ang dapat ikansela o ano ang dapat idagdag, ihahabilin sa kanya ang dapat i-follow-up.

Sa madaling salita, napaka-generic ng komunikasyon nila, at napaka-monotonous!

But this day would be different, at alam niya iyon nang maunsiyami ang routine ni Nathan, nang pagpihit nito ng ulo pakanluran, ay isang katakatang bagay ang nahagip ng mga mata nito.

Isa iyong black ceramic mug, pero siyempre, walang nakasulat sa mug na iyon maliban sa design na: “To save mother Earth”. May laman iyong umuusok na kape.

Napa-skip ito at ginawa ang next step, ang tumingin sa lokasyon niya at tawagin siya. “Miss Dizon...” May pagtataka sa boses nito.

“Good morning, Sir,” ngiti ni Chloe at tinapunan ng tingin ang black mug.

“Do you want to explain what this alien mug shouting that it’s... *To save mother Earth* doing on my desk?”

Ano daw? Alien mug? Gusto niyang bumungisngis.

May dalawang garbage bins sa silid na iyon, sa kanya at kay Nathan, sa kanya ay may iilang papel at tissue tuwing pinupunasan kaunti ang mukha para matanggal ang oil. Ang kay Nathan ay

napupuno ng nag-a-accumulate na styrofoam cups araw-araw.

“Sir, malinis po ang mug na iyan, bagong-bago pa po, mamahalin rin po iyan. ”Tsaka, Sir, for a change, sayang naman kung puro styro cups ang iniinuman ninyo, ’tapos, tinatapon n’yo pa agad,” ngiwi niya.

Pinalipat-lipat ni Nathan ang tingin sa mug at sa kanya. “Did I hear it correctly, Miss Dizon? Who said you could interfere with the way I drink my coffee?” sarkastikong tanong nito.

“Sorry, Sir, pero, Sir!” Naitaas ng dalaga ang boses. “Alam n’yo bang may dalawampu’t limang milyong styrocups ang natatapon kada taon sa landfill, at limandaang taon mula nang ihagis n’yo ’yan mananatili iyan sa pinagtapunan, hindi nabubulok? May sabi-sabi ring nakakasama ito sa ating kasulugan! Huhugasan ko po talagang mabuti ang mug na iyan at tutuyuin nang maayos, basta po huwag n’yo na akong pagawain ng kape na ilalagay sa styro cups, hindi ko na po talaga kaya. Inuusig na ako ng konsensya ko, kasi presidente ako ng *Youth for Environment’s Club* noong high school!” matigas niyang paliwanag.

Sandaling natahimik si Nathan na nakatunghay sa kanya, matagal bago nito nailayo ang tingin, at nang ipaling nito ang mukha, napansin niya ang

nagugulumihang reaksiyon ng amo. Malaking ngiti ang sumilay sa labi niya nang hawakan na ng lalaki ang mug at sipsipin na nito ang kape!

“Basta huwag mong kakalimutang hugasan nang maigi ang cup na ito. Hugasan mo agad matapos kong uminom. Hugasan mo nang matagal, ’tapos patuyuin mo nang maayos ang alien mug na ’to d’un sa pantry natin,” matipid nitong dagdag.

Napapansin na nga ni Chloe ang pagka-OC ni Nathan. Takot ba ito pati sa sarili nitong laway?

Tumunog ang trunkline. Kinausap niya ang nasa linya.

“Sir, nasa lobby daw po ng building ang madir n’yo...” Bigla niyang natutop ang bibig sa terminolohiyang nagamit. “Hihintayin daw po kayo sa baba, and she expects you to be there in three minutes.”

“Sabihin mong wala pa ako sa office, namatay ako, whatever...” anito, na ikinalaki ng mga mata ng sekretarya.

Inalis niya ang palad na nakatakip sa mouthpiece at kinausap ang receptionist na nag-relay ng mensahe. “Hello, Gigi? Pakisabi mo daw kay Mrs. Rivera na wala pa si Sir sa office, baka daw namatay—”

Mabilis na nakatayo ang lalaki mula sa swivel chair at dala ang alien mug ay natawid na nito

agad ang pagitan nila. Inagaw nito ang phone at si Nathan na mismo ang nakipag-usap sa receptionist.

Pagkatapos ay nakapamaywang na tinitigan siya nito. Pabagsak na ipinatong nito ang mug sa desk niya.

Hala! Mukhang magta-transform ito bilang si Hulk! Naman!

“Hindi ko alam kung saan ka natuto ng work ethics mo, but you’re becoming more annoying with every passing day. Pinalagpas ko na ang slogan mo sa pagliligtas sa Inang Kalikasan. But learn to say the right words, Darling, kung gusto mong tumagal,” he sneered before picking up his coffee mug.

Maktol na napangiwi si Chloe at nag-sorry rito. Hindi na yata niya mabilang kung nakakailang sorry siya rito maghapon. Lahat ng ginagawa niya, napapansin niyang mali para sa lalaki!

“Ikaw kasi, huwag ka kasing tumitig nang gan’un sa akin...” bulong ni Chloe sa likuran nito.

“Ano?”

Halos mapalundag siya nang lumingon ulit ang amo. Napakamot siya sa ulo. Bakit ba nitong mga nakaraang araw ay parang nawalan ng isang turnilyo ang utak niya at hindi na nagfa-function nang mabuti. “Wala po, ang sabi ko, Sir, mali talaga iyong sinabi ko kanina...” Napayuko siya.

“Talaga?” Inilapit nito ang mukha sa kanya.

“Talaga bang ’yun ang sinabi mo?”

Eksaktong bumukas ang glass door ng silid. “Hijo, tinataguan mo na naman ba ako?” Isang babaeng nasa early to late fifties nito ang bumungad sa kanila. Kapit na kapit sa katawan ang sultry, pin-up halter red dress na suot nito, pulang-pula ang labi.

“Mom!” Napatuwid si Nathan, napakamot sa batok, at sinalubong ang ina. “Hindi mo na lang ako hinintay sa lobby.”

Eksaheradang napatawa ang matanda. “Oh, my son, huwag mo nga akong biruin. I know your tactics. You’re already thirty-three yet you still act like a little boy.” Lumapit ito sa anak at pinisil-pisil ang mukha nito na parang bata.

Nakasimangot na iwinaksi ni Nathan ang kamay ng ina. “Mom, my secretary’s here, huwag ka ngang umasta ng ganyan...”

Sa sinabi ng binata, napaligon ang ina nito sa lokasyon niya. Nilapitan siya ng ginang. Tumayo siya at bahagyang tumango para batiin ito.

“Hija, tell me, pinahihirapan ka ba ng anak ko?” nakangiting tanong nito sa kanya.

Hindi nakatugon si Chloe, napadilat na tinunghayan lamang ang babaeng kintal pa rin sa mukha ang magandang kabataan. Mestiza ito, at

matangos ang ilong na parang loro, tulad ng kay Nathan. Nakuha din ni Nathan dito ang malalalim nitong mga mata.

“You’re very pretty, Hija. Nathan, why don’t you date her? Alam mo naman ako, wala akong pili.” Tumawa itong ulit. “Kung si Mariolle nga, hindi ba?”

Mariolle? tanong ng isip ni Chloe. *Ah, his ex-fiancée...*

“Mom, stop it. Why are you doing this?”

“Ikaw naman, Hijo, hindi ka na mabiro. Minsan na nga lang kitang dalawin, makisama ka naman...” May tampo sa himig nito.

“Mom, alam mong wala akong planong makisama the moment—” Hindi nito ipinagpatuloy ang kung anumang sasambitin, sa halip ay binalingan ang sekretarya. “You can take a break.”

Iyon lang at sapo ang dibdib na lumabas ng silid si Chloe. Naghintay lamang siya sa lobby ng office ni Nathan sa halip na bumaba sa canteen para mag-break. Lumabas na ang babae, tila hapo at nagpupunas ng tissue sa sulok ng isang mata.

Tinanong niya ang ginang kung ayos lang ito, at payak itong tumango. Pumasok na siya. Gusto niyang ismisan ang lalaki!

Paiyakin ba naman ang sarili niyang ina! Buti nga siya, eh, at may nanay pa!

Matalim na tinitigan niya ang lalaking nakayuko sa swivel chair ngayon, magkadikit ang mga kilay nito habang nagbabasa ng mga papeles, halatang maasim pa rin ang mood. Ipinatong niya ang palad sa panga at minasdan ang profile ng boss niya. Ikiniling ni Chloe ang ulo sa kanan, sa kaliwa, pagkuwa’y napailing.

Alinmang anggulo, guwapo talaga ito.

Milagro na ’ata kung lilington ito sa kanya at bibigyan siya ng harapang ngiti. *Lumington ka. Hoy, Sungit! Lingon! Sungit, lingon ka!*

“Miss Dizon!” Pumihit nga ito at lumington sa kanya, pero hindi nakangiti. “Hindi kita sinuswelduhan para pagpantasyahan ako!” singhal nito. “Clear?”

“Y-yes, Sir...” napatango siya at naramdaman ang pag-iinit ng mga pisngi.

Hoy, excuse me! Naka-tattoo ’ata sa forebrain ko na bawal ma-in love sa ’yo. Sungit!



“Tatlong muffins na ang nakakain mo, Chloe! Mahiya ka naman, hoy!” Inagaw ng ate niya ang kukunin pa sana niyang muffin mula sa plato.

Lately, pinasok na rin ng ate niya ang online business. Nagtitinda ito ng baked goods tulad ng muffins, cookies at cakes. Forte ng ate niya ang baking. Culinary Arts ang kinuha nito, naunsyami

nga lang ang pangarap na pagtatayo ng cake shop nang mabuntis.

Ngayon nga ay may pamangkin na siya rito, si Cream. At ang walanghiyang boyfriend ng ate niya ay tinakasan lang ito kaya derechong naging single mom ito.

“Ayaw mo n’un, it means masarap ang muffins mo.” Ninakaw naman ni Chloe ang chocolate chip cookies ng kapatid sa isang tray.

“Kaya ka nagkakaroon ng bilbil, eh! Ninanakawan mo ’ko!” pandidilat ng Ate Charie niya.

Napadilat siya. “Anong bilbil?”

“Bilang parusa, ikaw ang maghahatid niyan sa um-order!” sabi ng ate niya na nagtanggap na ng apron at isinalansan na sa malalaking trays ang goodies. May iniabot itong papel sa kanya. “Eto ang address ng um-order, tamang-tama, alas seis daw magsisimula ang party. May isang oras ka pa, okay? Aasikasuhin ko pa si Cream, puh-lease?”

Napaismid si Chloe. Ngunit napatakbo na rin siya sa hagdan nila at nagbihis sa kuwarto ng isang peach turtle neck long-sleeve shirt at navy blue skinny jeans na pinaresan niya ng red *Toms* shoes. Lalo tuloy tumingkad ang mala-gatas niyang complexion. Naglagay siya ng strawberry-flavored lip balm at binudburan ng scented face powder ang

mukha.

Isa lang ang naging boyfriend ng dalaga. Nasa third year siya noon sa kolehiyo, at dalawang buwan lang ang itinagal ng relasyon dahil ibang pabor na ang hinihingi sa kanya nito. May balak pa yata itong wasakin ang prinsipyo niyang kailangang birhen siya sa honeymoon nila ng future husband niya. At matapos ang relasyong iyon, ni isa sa mga lalaking luminya sa labas ng bahay nila upang manligaw ay walang nakapasa sa standards ni Chloe. Mayayaman din ang ilan sa nanligaw sa kanya, may ilang kumpletos-rekados pa talaga: guwapo, mayaman, mabait at mahal daw siya. Pero may hinahanap talaga siya: *mystery and magic*. Alam niyang nahanap na niya iyon one New Year's Eve.

Sana lang hindi pa siya nag-asawa...



Chapter Three



She hopped out of the mini van, at tumambad sa kanya ang mataas at asul na gate ng bahay.

“Anne Montes,” basa ni Chloe sa papel na ibinigay ng kanyang Ate Charie. Tiningnan niya ang number ng bahay. Napatango-tango siya at pinindot na ang doorbell.

May-kaya siguro ang nakatira rito, naisip niya.

Malaki ang nababanaag niyang bahay, Old English ang istilo. Ilang segundo pa ay umawang na ang gate at sumilip ang isang babaeng tingin niya ay katiwala.

“*Cream’s Bakeshoppe* goodies ho,” aniya. “Um-order po si Anne Montes para sa birthday ng anak niya ng tig-one hundred na cookies at muffins, ’tapos may cake pa ho.” Ngumiti siya at itinuro ang van.

Binuksan nito ang gate at pinapasok sa garahe ang sasakyan. Tinawag ng katiwala ang ginang.

“Eto ho.” Iniabot niya ang resibo kay Mrs. Montes na may cuarenta na ang edad. Masaya niyang nilingon ang table. Mabilis na naiayos doon ang dala niyang baked goodies at cake. Maingay na nagkumpulan doon ang mga batang may suot na

party hats na may edad lima hanggang ocho.

“Ano’ng pangalan mo, Hija? Kain ka muna, magsisimula na rin naman ang party ni Jimmy. Kahit mabilis lang kung nagmamadali ka talaga,” anyaya ni Mrs. Montes.

“Ho?” Nangiti si Chloe at napailing. “Naku, huwag na po. Nakakahiya, saka nagluto din po sa bahay si Ate...”

“Sige na naman.” Hinawakan ni Mrs. Montes ang braso niya. “Ano nga ulit ang pangalan mo?”

“Chloe po...”

“Sige na, Chloe. May mga parents din dito, kaya hindi ka maaalangan. ”Tapos may mga pamangkin akong darating, halos mas matanda lang nang konti sa ’yo, ipapakilala kita. Ayy, single ka ba, Hija?”

Napanganga si Chloe. Diyata’t gusto siyang i-matchmake ng babae sa pamangkin nito!

“Single po...” nakangiting saad niya.

“Naku! Tamang-tama! Ang ganda mo kasi, eh. Naisip ko lang, bagay kayo ng pamangkin kong ’yun! ”Tapos, puwede mo na ring i-endorse ’yung negosyo mo sa ibang parents, hindi ba?”

“H-hindi po sa akin ang *Cream’s*, sa ate ko po, inutusan lang ako. Sekretarya po ako sa ibang kompanya.”

“Ah, gan’un ba?” maang ni Mrs. Montes. “Okay naman ’yan basta mabait lang ang boss mo. ’Yung

ipapakilala ko sa 'yo head ng kompanya 'yun, napakabait n'un..." bida nito. "Mabait din ba ang boss mo?"

Napangiwi ang dalaga. "Naku, kaiba po 'yung boss ko sa pamangkin n'yo." Umiling siya. "Saksakan ng sungit. Ang tawag nga po d'un ng ibang empleyado, eh, demonyo, 'tapos minsan halimaw, o bakulaw. Napakababaero pa at mayabang!"

Napatawa ang kausap, mukhang natuwa sa kanya. "Eh, di mag-resign ka na, Hija. D'un ka na lang magsekretarya sa pamangkin ko. Ayy, teka, magbo-blow na pala ng cake si Jimmy, babalik ako, kain ka, ha? Sasamahan kita sa buffet table kung gusto mo."

Napatango at napangiti si Chloe, batid niyang magaan ang loob sa kanya ng babae. Gusto sana talaga niyang tumanggi ngunit nang madapuan na ng tingin ang nakahanda sa malaki at mahabang buffet table ay napaupo na lang siya sa plastic chair.

Naisip niya, sana isinama na lang niya ang nueve años niyang pamangkin na si Cream. Tiyak na matutuwa iyon. Nai-imagine na niya kung ano ang gagawin ng pamangkin: linglesin nito ang mga batang kalaro hanggang dumugo ang ilong, at ipapaliwanag ng pamangkin ang causes at treatment ng epistaxis!

Matapos nga ang pagkanta ng *Birthday Song* ay inabutan na sila ng isang babae ng plastic plates. Pinuntahan niya ang birthday boy para i-greet ito. Naghintay muna siya ng ilang minuto bago kumuha ng spaghetti, afritada at isang chicken drumstick at maraming macaroni salad.

Minsan lang din naman siya ganito kakapal ang mukha kaya itotodo na niya, 'no!

Kumuha siya ng dalawang muffins sa salansan. Napabungisngis si Chloe sa ginawa. Malapit na niyang masaid ang laman ng plato at kakagat na sana sa muffin na hawak nang mahagip ng atensyon niya si Jimmy.

“Titooooo!” malakas nitong sigaw at tumakbo at yumakap sa isang lalaki.

Nakangiting iniabot ng lalaki ang isang nakabalot na malaking gift sa bata. Biglang naibaba ni Chloe sa plato ang muffin na kakagatan sana, at napailing sa kinauupuan.

Ngek! Ito ba ang sinasabing pamangkin ni Mrs. Montes? Kailangan ko nang makatakas. Naku! Nakakahiya 'to, patay!

Lumapit na sa magtiyo si Mrs. Montes, at mabilis na itinuro ang isang bagay: ang plastic chair na katabi niya!

“Hijo, salamat nga pala sa pagdalaw kay Jimmy,” narinig ni Chloe na sabi ni Mrs. Montes sa

pamangkin. “Kanina pa ’yun excited sa magiging gift mo daw. Upo ka muna dito, may ipakikilala ako,” nakangiting sabi ng matanda.

Nakayukong napatayo si Chloe mula sa kinauupuan at mabilis sanang e-exit nang tawagin siya ng ginang.

“Ah, ’eto si... Miss! Teka—” gulat na pigil sa kanya ni Mrs. Montes.

Wala na siyang nagawa kundi pumihit at itaas ang nakayukong mukha. Sandaling nanlaki ang mga mata ng binata, ang masayang mata ay naningkit at pakiramdam ni Chloe ay isa siyang specimen na matamang sinusuri nito!

Naku, patay na talaga! Dedbol!

“Chloe, this is my nephew. Hijo, she’s Chloe Dizon, her sister owns this pastry shop kung saan ako um-order ng muffins at cake para sa birthday ni Jimmy, di ba, Hija?” lahad ng babae, na obviously ay mina-matchmake sila. “Ah, this is Nathan Rivera...”

Napalulon siya ng laway nang humalukipkip ang binata. Naghari ang maingay na katahimikan.

“Wait... do you two know each other?” litong tanong ng ginang na pinagpalit-palitan sa kanila ang tingin.

“Yes, Tita Anne. I know this woman. She’s my secretary,” flat na tugon ng binata. “Small world,

isn't it, Miss Dizon?" sarkastikong ngiti ng lalaki, tinitigan ang laman ng hawak pa rin niyang plato.

Sandaling namutla ngunit napabulalas ng tawa ang matanda, tinapik nito ang braso ni Chloe.

"Hija, ikaw naman! 'Yung pamangkin ko pala ang tinutukoy mong demonyo, halimaw at bakulaw mong boss!" Amused na napangiti ang medyo tabain at mestizang babae, at natawang muli.

Parang gustong mag-seizure ni Chloe.

"Demonyo?" Nathan gaped in disbelief. "Tita, did I hear you say..."

"Ha... ah, wala, ang sabi ng tita mo, ano... mabait ka daw." Nahihiyang napabaling siya sa matanda. "Naku po, salamat po talaga, uuwi na ako," may pagsusumamo sa mga mata niya.

"Hindi ka pa 'ata tapos kumain, ubusin mo muna 'yan," tila nananadya at nakangiti pang giit ng matanda.

"Ah, sige ho, ite-take out ko na lang."

Napatingin siya sa dalawang muffins sa plato.

Nakakahiya na talaga! Grrr! "S-Sir, nice seeing you here, aagahan ko po bukas..." Mapakla siyang napangiti.

Chloe saw Nathan's eyes roll briefly. "Seriously? Ite-take out mo ang inihatid at ibinenta mo sa client?" at nanunuya itong tumawa.

"Hijo! You know it's okay. At saka mukhang

palabiro talaga itong si Chloe. Gusto ko siya,” sabi pa ni Mrs. Montes. Tinawag nito ang isang katulong at ipinabalot ang muffins niya, at sinabihan pa na magpadala ng handa para sa ate niya.

Wala na siyang masabi kaya nanahimik na lang si Chloe habang nakikinig sa boss niya na kausap ang tita nito.

“Sayang naman at aalis ka kaagad, Chloe, di sana’y nakapag-usap pa kayo nitong pamangkin ko. Siyempre, iba ’yung nasa opisina kayo at nasa labas...” tila hinayang na sambit ng matanda.

“Tita!” marahang saway ni Nathan, natatawa. “There you go again. Enough matchmaking, okay?” Umiling ito at sinuyod ng tingin si Chloe. “Saka wala namang pumapasa sa panlasa ko sa lahat ng inirereto n’yo.” He laughed and smiled, at mapangutya man, na-realize ni Chloe na first time pala niyang nakitang tumawa at ngumiti si Nathan.

Bumalik ang katulong na inutusan ni Mrs. Montes upang ipagbalot si Chloe ng ‘take out’.

“S-sige ho, Ma’am, salamat po talaga,” balik-realidad na anunsyo ni Chloe. “Para pong sumakit ang tiyan ko, napasukan ’ata ng malakas na hangin,” mahinang sabi niya sa babae. Tinitigan niya ang boss, tumango rito at tumalikod na.

Narinig niya ang malutong na pagtawa ni Mrs. Montes. Nilingon niya ito at nakita ang

pangungunot ng noo ni Nathan.



Hindi niya maintindihan kung bakit kailangang masira ang kotse niya, mabuti't nakapag-park pa siya sa gilid ng hindi naman ka-busy-han na highway. Bumaba siya at tinitigan ang unahan ng sasakyan.

“Hey, Miss, you need help?” Sumilip mula sa tinted window ng isang black sedan ang isang lalaki.

The guy was disarmingly cute. Singkit ang mata nito, klarong-klaro ang Chinese descent, maputi ang kutis at malinis tingnan. Bumaba ito ng sasakyan matapos ipatabi iyon sa driver marahil nito.

Napalinga siya sa paligid, nag-aalangan kung pagkakatiwalaan ang lalaki. Napatango-tango na rin siya, kanina pa kasi siya namomroblema. Tumawag na si Chloe sa talyer na alam niya, pero baka dalawang oras pa raw bago makarating ang hihila ng kanyang sasakyan. At kanina pa walang humihinto at nag-o-offer ng tulong.

“Don't be scared. You're Nathan's secretary, right? Hindi mo 'ko kilala but I also work for *Rivera Construction Solutions*. Papunta ka na rin sa office, hindi ba?” nakangiting kumpirma nito. Bigla itong yumuko at sinipat-sipat ang ilalim ng nakabukas na

hood, sinuri iyon.

Kuminang ang mga mata ni Chloe. “Talaga? Sa *Rivera* ka rin nagtratabaho?” galak niyang tanong. Katrabaho pala niya ang lalaki, mas nakahinga siya nang maluwa kahit paano. “Kasi naman ’tong kotse, nagluco pa. Male-late na ako...” problemado niyang dagdag.

Naalala niyang bigla si Nathan. Noong nakaraang linggo nang minsang ma-late siya ng sampung minuto, kahindik-hindik na bulyaw ang natanggap niya, at inaburido siya ng hudyong amo buong araw sa puntong ipagpapalit na niya ang kaluluwa sa demonyo huwag lang ma-late ulit!

“Huwag kang mag-alala, ako’ng bahala sa iyo kay Nathan. Isumbong mo sa akin kung pagagalitan ka, makakatikim sa ’kin ’yun!” Pabirong ikinuyom nito ang palad at ipinaling sa hangin.

“T-teka nga, huwag mong sabihing close ka sa boss ko? Ano’ng pangalan mo?”

“Oo nga pala, hindi pa ako nagpapakilala...” Natawa ito at napakamot sa batok. “Hans, Hans Rivera, Miss Chloe Dizon.” Inilahad nito nito ang kamay sa kanya.

“R-Rivera?” lito niyang tanong. “Teko, Rivera ka rin? B-bakit alam mo ang pangalan ko?” Itinuro niya ang sarili.

Napangiti ito, nakalahad pa rin ang palad.

“Mukhang hindi ka man lang ipinakilala ng boss mo sa mga executives, ah. I’m Nath’s cousin, site engineer ako at laging nasa field kaya hindi mo ’ko madalas nakikita.”

“Ahh,” tango niya, at inabot na ang kamay nito, napakunot-noo. “Eh, ba’t mo ’ko kilala?”

Imposible namang naikuwento ako ng Nathan na iyon...

“Nakita kita minsan, n’ung may inaasikaso ako, napadaan ako sa photocopy area at nand’un ka. Ipinagtanong ko ang pangalan mo, so nakilala kita.” Mas inilapit ni Hans ang mukha sa kanya. “Mas maganda ka nga talaga sa malapitan,” pilyong sabi nito.

Inilayo niya ang mukha at napayuko sa ilalim ng hood.

“Ah, ano nga pala ang problema ng kotse ko? Unang beses kasi ’to.” Napailing si Chloe, ang totoo’y mas problemado pa siya sa magiging reaksyon ni Nathan kaysa sa kotse niya.

“Ignition at spark plug,” matipid na sagot ni Hans.

Nang mai-tow na sa sasakyan nito ang kotse niya at maihatid sa kalapit na talyer, nag-offer ang lalaki na sumabay na siya sa sedan nito patungong opisina.

Kung gaano ka cold at kasungit si Nathan sa

kanya ay siyang ka-feeling close at bolero nitong si Hans. Tanong ito nang tanong sa kanya, panay ang kuwento. Nalaman niyang sabay nag-aral ng engineering ang dalawa sa *University of Illinois* sa Amerika, pagkatapos ay kumuha si Nathan ng MBA sa *La Salle* samantalang si Hans ay derecho trabaho sa *Rivera*. Anak ito ng nakababatang kapatid ng ama ni Nathan, parang magkapatid na rin daw ang turingan ng dalawa.

“S’an ka nagla-lunch, sa canteen?” baling ni Hans sa kanya.

“Ah, oo,” tango niya, napangiwi nang matitigan ang relos, late na siya ng sampung minuto.

“Sabay tayo mamaya, puwede?” Hindi kaagad napansin ni Chloe na nasa parking na pala ang sedan nito. “Hey, puwede?”

Nagulat si Chloe nang pisilin ni Hans ang pisngi niya.

Napatango-dili siya, marahang inalis ang nakapisil na mga daliri nito. “S-salamat talaga, Hans! Una na ’ko!” Nagpasalamat din siya sa driver nito at halos patakpong lumabas ng kotse.



Did Chloe just step out of that black sedan?
nakakunot na tanong ni Nathan sa isip.

Kapa-park lang niya ng *SLK Mercedes* sports car nang mahagip ang bulto ng dalaga na nagtatatakbo

paakyat ng hagdan. Tinitigan niya ang relos. Late na ito.

Ako lang ang may karapatang ma-late sa sarili kong office. Unti-unting naningkit ang mga mata niya.

Matapos siyang laitin ng babaeng iyon sa harap ng Tita Anne niya kagabi ay may mukha pa itong ma-late!

Sinuri niyang muli ang sedan, na mukhang pamilyar sa kanya. Nagitla siya nang makitang may bumaba ulit galing sa back passenger seat. Nakita niyang naghagdan ang lalaki.

Si Hans! Napalitan ng pagkalito ang kanina'y inis niya.

Current flavor of the week ba ng pinsan niya si Chloe?

He snorted and decided not to care, bumaba na siya ng kotse at inayos ang medyo tabinging necktie.

Minsan na niyang hinayaan ang sarili na magpatangay sa agos ng damdamin, he deviated from his orderly and planned life because of Mariolle. Pero nasaktan lang siya.

Si Mariolle ang dahilan niyon, ang babaeng nagturo sa kanya na ang lahat ay nakasulat sa mga bituin, maging ang pag-ibig.

Love has its own perfect timing and everything

will fall into place when that one destined person comes knocking at your heart. You'll then realize that everything is written in the stars. You can't change it, however much you try to fight it...

Hindi niya malilimitan iyon. Binuksan niya ang puso sa babae. Ito ang nagsabi sa kanya ng mga bagay tungkol sa tadhana't mga bituin. They were about to get married. But one day, she came to him in tears, at sinabing magpapakasal na ito sa iba, mas matanda pero mas mayaman sa kanya. At na-realize ni Nathan, pera lang ang habol ni Mariolle sa kanya. Tama ang mga kaibigan niya. Akala niya ay naiinggit lamang ang iba at sinisiraan lamang ang babae.

Kung may nakasulat man sa mga bituin, sigurado siyang ito iyon: na ang mga babaeng pinipili ni Nathan Rivera na maka-attach ay sa iisang category lamang nabibilang—pampalipas-oras.

Napasinghap siya at pumasok na sa bumukas na elevator. Hindi na dapat niya inaalala ang nakaraan. Mariolle was just a bad dream. Nagising na siya sa bangungot na iyon, matagal na.

May bigla siyang naalala at wala sa loob na napangiti.

Bakit hindi man lang tumawag ang estrangherang iyon? Naghihintay rin ba siya sa

tadhana? Fool.

